

Sakit na dulot ng Novel Coronavirus COVID-19

Ano ang COVID-19?

Ang COVID-19 ay isang sakit sa daluyan ng hangin na dulot ng isang bago, o “novel” na coronavirus. Nagdudulot ang mga coronavirus ng sakit sa palahingahan, tulad ng karaniwang sipon.




Paano ito kumakalat?

Kumakalat ang COVID-19 sa pamamagitan ng mga patak mula sa mga bahin at ubo. Kumakalat din ito sa pamamagitan ng malapitang pakikihalubilo sa iba, kabilang ang pakikipagkamay at pakikibahagi ng mga pagkain o inumin.

Ano ang mga sintomas?

- Ubo
- Nahihirapang huminga
- Lagnat
- Giniginaw
- Paulit-ulit na pangiginig na may kasamang ginaw
- Pananakit ng kalamnan
- Pananakit ng ulo
- Pananakit ng lalamunan
- Bagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy




Sino ang mga taong pinakananganganib?


Maaaring mas mataas ang panganib na magkaroon ng mas malalang sakit mula sa COVID-19 ang mga mas nakatatanda, taong anumang edad na mayroong ibang medikal na kondisyon, at buntis na babae.

Protektahan ang iyong sarili at iyong komunidad.

Manatili sa bahay hangga't maaari. **Lalo na kung ikaw ay may sakit.**




Pupunta sa trabaho o sa grocery store?



Lumayo nang 6 na talampakan mula sa ibang tao.



Magsuot ng facemask.



Hugasan ang iyong mga kamay.



Gumamit ng hand sanitizer.



Takpan ang iyong bibig at ilong kapag umuubo at bumabahin.



Linisin ang mga patungan sa iyong tahanan.



Tumawag bago ka pumunta sa doktor.



Huwag hawakan ang iyong mga mata, ilong, o bibig.

Tumawag sa 9-1-1 kung nakakaranas ka ng mga pang-emergency na babalang palatandaan ng COVID-19

- Kahirapan sa paghinga
- Patuloy na pananakit o pagdiin o mabigat na pakiramdam sa dibdib
- Biglaang pagkalito
- Hindi makasagot sa ibang tao
- Namumutlang labi o mukha